# Walang anumang lalaki na nagkakasala ng isang pagkakasala – pagkatapos tumindig iyon saka nagpakadalisay, pagkatapos nagdasal iyon, pagkatapos humingi iyon ng tawad kay Allāh – malibang magpapatawad si Allāh doon

Ayon kay `Alīy na nagsabi: {Tunay na ako noon ay isang lalaking kapag nakarinig ako mula sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang sanaysay na magpapakinabang sa akin si Allāh mula roon ng anumang niloob Niya na magpakinabang sa akin niyon at kapag may nagsanaysay sa akin na isang lalaki kabilang sa mga Kasamahan niya, nagpapasumpa ako roon. Kaya kapag sumumpa iyon para sa akin, maniniwala ako roon. Tunay na nagsanaysay sa akin si Abū Bakr at nagtotoo si Abū Bakr. Nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Walang anumang lalaki na nagkakasala ng isang pagkakasala – pagkatapos tumindig iyon saka nagpakadalisay, pagkatapos nagdasal iyon, pagkatapos humingi iyon ng tawad kay Allāh – malibang magpapatawad si Allāh doon. Pagkatapos bumigkas siya ng talatang ito (Qur'ān 3:135): {...na mga kapag nakagawa ng isang mahalay o lumabag sa katarungan sa mga sarili nila ay umaalaala kay Allāh kaya humihingi sila ng tawad para sa mga pagkakasala nila}."}

[صحيح] [رواه أبو داود والترمذي والنسائي في الكبرى وابن ماجه وأحمد]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag ang anumang tao na nagkakasala ng isang pagkakasala saka nagpahusay siya ng pagsasagawa ng wuḍū', pagkatapos tumindig siya saka nagdasal siya ng dalawang rak`ah nang may layunin ng pagbabalik-loob mula sa pagkakasala niyang ito, pagkatapos hihingi siya ng tawad kay Allāh, magpapatawad naman si Allāh sa kanya. Pagkatapos bumigkas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng sabi ni Allāh: {...na mga kapag nakagawa ng isang mahalay o lumabag sa katarungan sa mga sarili nila ay umaalaala kay Allāh kaya humihingi sila ng tawad para sa mga pagkakasala nila} (Qur'ān 3:135)

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee